# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 65
# Ang Pagtutuli sa anak ni Moises

"1 At si Moises ay sumagot at nagsabi, Datapuwa't, narito, hindi nila paniniwalaan ako, ni didinggin ang aking
tinig sapagka't kanilang sasabihin, Ang Panginoon ay hindi napakita sa iyo.2 At sinabi sa kaniya ng Panginoon,
Ano iyang nasa iyong kamay? At kaniyang sinabi, Isang tungkod.3 At kaniyang sinabi, Ihagis mo sa lupa. At
kaniyang inihagis sa lupa, at naging isang ahas; at si Moises ay tumakas sa harap ng ahas.4 At sinabi
ng Panginoon kay Moises, Iunat mo ang iyong kamay, at sunggaban mo sa buntot: (at kaniyang iniunat ang
kaniyang kamay, at kaniyang hinawakan, at naging isang tungkod sa kaniyang kamay).5 Upang sila'y maniwala,
na ang Dios ng iyong mga magulang, ang Dios ni Abraham, ang Dios ni Isaac, at ang Dios ni Jacob ay napakita sa
iyo.6 At sinabi pa sa kaniya ng Panginoon, Ipasok mo ang iyong kamay, sa iyong sinapupunan. At kaniyang
ipinasok ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan: at nang kaniyang ilabas, ay narito, ang kaniyang kamay ay
may ketong, na maputing parang niebe. 7 At kaniyang sinabi, Ipasok mo uli ang iyong kamay sa iyong
sinapupunan. (At kaniyang ipinasok uli ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan, at nang kaniyang ilabas sa
kaniyang sinapupunan, ay narito, nagsauling gaya ng kaniyang dating laman).8 At mangyayari, na kung sila'y
hindi maniniwala sa iyo, ni makikinig sa tinig ng unang tanda, ay kanilang paniniwalaan ang tinig ng huling tanda.
9 At mangyayari na kung sila'y hindi maniniwala sa dalawang tandang ito, ni hindi makikinig sa iyong tinig, ay
kukuha ka ng tubig sa ilog, at iyong ibubuhos sa tuyong lupa, at ang tubig na iyong kukunin sa ilog ay
magiging dugo sa tuyong lupa. 10 At sinabi ni Moises sa Panginoon, Oh Panginoon, ako'y hindi marikit
mangusap, kahit ng panahong nakaraan, kahit mula ng magsalita ka sa iyong lingkod: sapagka't ako'y kimi sa
pangungusap at umid sa dila. 11 At sinabi sa kaniya ng Panginoon, Sinong gumawa ng bibig ng tao? o sinong
gumawa ng pipi, o bingi, o may paningin, o bulag sa tao? Hindi ba akong Panginoon? 12 Ngayon nga'y yumaon
ka, at ako'y sasaiyong bibig, at ituturo ko sa iyo kung ano ang iyong sasalitain.13 At kaniyang sinabi, Oh
Panginoon, magsugo ka, isinasamo ko sa iyo, sa pamamagitan ng kamay niyaong iyong susuguin.14 At
ang galit ng Panginoon ay nagningas laban kay Moises, at kaniyang sinabi, Wala ba si Aarong kapatid mo na
Levita? Nalalaman kong siya'y makapagsasalitang mabuti. At saka, narito, siya'y lumalabas upang salubungin ka;
at pagkakita niya sa iyo, ay matutuwa sa kaniyang puso.15 At ikaw ay magsasalita sa kaniya, at iyong isasabibig
niya ang mga salita; at ako'y sasaiyong bibig at sasakaniyang bibig, at aking ituturo sa inyo, kung ano ang inyong
gagawin.16 At siya ang makikipagusap sa lagay mo sa bayan: at mangyayari na siya'y magiging sa iyo'y bibig, at
ikaw ay magiging sa kaniya'y parang Dios.17 At tatangnan mo sa iyong kamay ang tungkod na ito, na iyong
ipaggagawa ng mga tanda.18 At si Moises ay yumaon, at bumalik kay Jethro na kaniyang biyanan, at nagsabi sa
kaniya, Pahintulutan mo akong yumaon, isinasamo ko sa iyo, at bumalik sa aking mga kapatid na nasa Egipto, at
titingnan ko, kung sila'y nabubuhay pa. At sinabi ni Jethro kay Moises, Yumaon kang payapa.19 At sinabi
ng Panginoon kay Moises sa Madian, Yumaon ka, bumalik ka sa Egipto: sapagka't namatay na ang lahat ng tao, na
nagmimithi ng iyong buhay.20 At ipinagsama ni Moises ang kaniyang asawa at ang kaniyang mga anak, at
kaniyang ipinagsasakay sa isang asno, at siya'y bumalik sa lupain ng Egipto: at tinangnan ni Moises ang tungkod
ng Dios sa kaniyang kamay.21 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Pagkabalik mo sa Egipto, iyong gawin nga sa
harap ni Faraon ang lahat ng kababalaghan na aking itiniwala sa iyong kamay: datapuwa't aking
papagmamatigasin ang kaniyang puso, at hindi niya tutulutang yumaon ang bayan. 22 At iyong sasabihin kay
Faraon, Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang Israel ay aking anak, aking panganay:23 At aking sinabi sa iyo,
Pahintulutan mong ang aking anak ay yumaon, upang siya'y makapaglingkod sa akin; at ayaw mo siyang
payaunin, narito, aking papatayin ang iyong anak, ang iyong panganay.24 At nangyari sa daan, sa dakong
panuluyanan, na sinalubong ng Panginoon siya, at pinagsikapang patayin siya.25 Nang magkagayo'y sumunggab si
Sephora ng isang batong matalim, at pinutol ang balat ng masama ng kaniyang anak, at inihagis sa kaniyang
paanan; at kaniyang sinabi, Tunay na ikaw sa akin ay isang asawang mabagsik.26 Sa gayo'y kaniyang binitiwan
siya. Nang magkagayo'y kaniyang sinabi, Isang asawa kang mabagsik, dahil sa pagtutuli.27 At sinabi
ng Panginoon kay Aaron, Pumaroon ka sa ilang na salubungin mo si Moises. At siya'y pumaroon, at nasalubong
niya sa bundok ng Dios, at kaniyang hinagkan. 28 At isinaysay ni Moises kay Aaron ang lahat
ng salita ng Panginoon, na ipinagbilin sa kaniyang sabihin, at ang lahat ng tandang ipinagbilin sa kaniyang gawin.
29 At si Moises at si Aaron ay naparoon at tinipon ang lahat ng matanda sa mga anak ni Israel: 30 At sinalita
ni Aaron ang lahat ng salita na sinalita ng Panginoon kay Moises, at ginawa ang mga tanda sa paningin ng bayan.
31 At ang bayan ay naniwala: at nang kanilang marinig na dinalaw ng Panginoon ang mga anak ni Israel, at

kaniyang nakita ang kanilang kapighatian, ay iniyukod nga nila ang kanilang mga ulo at sumamba." (Exodu 4:1-31)

Si Moises ay nagatubili upang tumugon sa tawag ng Diyos na inilagay niya sa kanyang buhay upang pumunta sa Egipto upang palayain ang mga tao ng Diyos mula sa kamay ng Faraon. Sa gayon, hinarap ng Diyos ang kanyang mga dahilan sa pagbibigay sa kanya ng mga senyales at mga kababalaghan, upang siya ay magpatuloy at gawin kung ano ang pinagawa sa kanya.

Ngunit, kahit na ang Diyos ay ibinigay ang lahat ng iyon sa kanya, Inihatid ni Moises sa Diyos ang isa pang mga dahilan, na hindi siya maayos sa pagsasalita, "At sinabi ni Moises sa Panginoon, Oh Panginoon, ako'y hindi marikit mangusap, kahit ng panahong nakaraan, kahit mula ng magsalita ka sa iyong lingkod: sapagka't ako'y kimi sa pangungusap at umid sa dila." (Exodu 4:10)

Dito ipinaliwanag ng Diyos sa kanya na tutulungan Niya siya at ilalagay ang salita sa kanyang bibig. Ngunit kahit na sa ganoon, hiniling ni Moises sa Diyos na magpadala ng iba sa halip na siya. Ang Diyos dito ay galit na galit at sinabi Niya sa kanya na ipapadala Niya ang kanyang kapatid na si Aaron upang makasama niya at si Aaron ang tutulong sa kanya sa pagpapahayag ng Salita ng Diyos sa mga tao. Si Moses nang narinig niya iyon, sumulong kasama ng kanyang asawa at kanyang dalawang anak na lalaki papunta sa Egipto. "At si Moises ay yumaon, at bumalik kay Jethro na kaniyang biyanan, at nagsabi sa kaniya, Pahintulutan mo akong yumaon, isinasamo ko sa iyo, at bumalik sa aking mga kapatid na nasa Egipto, at titingnan ko, kung sila'y nabubuhay pa. At sinabi ni Jethro kay Moises, Yumaon kang payapa." (Exodu 4:18) Marahil si Moises ay maligaya na sa wakas ay makakatagpo niya ang kaniyang kapatid na si Aaron at kanyang mga tao pagkatapos ng mahabang panahon ng apatnapung taon.

Sa karagadagan, sinigurado ng Diyos sa kanya, na ang lahat ng tao na nagbabalak sa kanya ay patay na at ngayon ang daan ay bukas sa kanya upang bumalik ng ligtas sa Ehipto. "At tatangnan mo sa iyong kamay ang tungkod na ito, na iyong ipaggagawa ng mga tanda." (Genesis 4:17) Kahit dito ang Diyos ay sinabi sa kanya na kunin ang kanyang tungkod upang gumawa ng mga senyales, na parang iniisip ng Diyos na si Moises maaring ilagay ito sa likuran upang walang na siyang idahilan upang bumalik. Na para bang may ilang katigasan na alam ng Diyos bago pa at Siya ay nakikipagusap sa kanya.

Sa daan, ang sumusunod ay nangyari, "24 At nangyari sa daan, sa dakong panuluyanan, na sinalubong ng Panginoon siya, at pinagsikapang patayin siya.25 Nang magkagayo'y sumunggab si Sephora ng isang batong matalim, at pinutol ang balat ng masama ng kaniyang anak, at inihagis sa kaniyang paanan; at kaniyang sinabi, Tunay na ikaw sa akin ay isang asawang mabagsik.26 Sa gayo'y kaniyang binitiwan siya. Nang magkagayo'y kaniyang sinabi, Isang asawa kang mabagsik, dahil sa pagtutuli." (Exodu 4:24-26) Ang sumusunod na mga katanungan ay isusulong:

A. Bakit nais ng Diyos na patayin si Moises, lalo na pagkatapos ni Moises pumunto sa Ehigto at handang sumunod sa Diyos at gawin ang sinsabi kanya upang gawin.
B. Bakit hindi pinatay n Diyos si Moises?
C. Ano ang paliwanag sa kung anong ginawa ni Sephora sa pagtutuli ng anak ni Moises?

A. Bakit nais ng Diyos na patayin si Moises, lalo na pagkatapos ni Moises pumunto sa Ehigto at handang sumunod sa Diyos at gawin ang sinsabi kanya upang gawin? "At nangyari sa daan, sa dakong panuluyanan, na sinalubong ng Panginoon siya, at pinagsikapang patayin siya." (Exodu 4:24) Sapagka't hindi tinuli ni Moises ang kaniyang anak kahit na alam niya na kinakailangan niyang gawin iyon. Kumilos siya sa larangan ng misyon upang pumunta at palayain ang nga tao ng Diyos mula sa ilalim ng kamay ng Faraon, habang hindi niya ginawa ano ang kinakailangan sa kanyang upang gawin sa kanyang mga anak. Ang utos ng pagtutuli ay ibinigay ng Diyos kay Abraham bilang isang tipan, "10 Ito ang aking tipan na inyong iingatan sa akin at sa inyo, at ng iyong binhi, pagkamatay mo; tutuliin ang bawa't lalake sa inyo. 11 At kayo'y tutuliin sa laman ng inyong balat ng masama; at ito ang magiging tanda ng aking tipan sa inyo. 12 At ang may walong araw ay tutuliin sa inyo, ang bawa't lalake sa buong kalahian ninyo; ang ipinanganak sa bahay, o ang binili ng salapi sa sinomang taga ibang lupa na hindi sa iyong lahi. 13 Ang ipinanganak sa bahay at ang binili ng iyong salapi, ay dapat tuliin: at ang aking tipan ay sasa

iyong laman na pinakatipang walang hanggan." (Genesis 10:10-13) Ang pagtutuli ay ibinigay sa isang malinaw na tanda sa laman na ang bata ay Israelita. Ito ay ang tipan ng Diyos sa mga Israelita. Sa gayon nang si Moises ay hindi ginawa yaon sa kanyang anak, hindi niya tinupad ang tipan ng Diyos. Alam ba ni Moises iyon? Oo, alam niya iyon. Bakit sa gayon hindi niya ginawa? Siguro siya ay nagaatubili, patuloy na ipinagpapaliban, o matigas ang ulo. Kumikilos ka bang katulad ng kay Moises? Ikaw ba ay mabigat ang loob, patuloy na ipinagpapaliban, o matigas ang ulo? Si Moises sa kapaligiran ng Median, pagiging malayo sa mga taong nagsasanay nito, maari siyang naging malamig upang sumunod sa mga utos ng Diyos lalo na siya ay napapaligiran ng mga tao hindi isinasagawa iyon. Kahit ang kanyang asawa, kahit siya ay anak ng pari ng Midian na nagmula sa inapo ni Abraham mula kay Ketura na kanyang alipin, maaring tumanggi si Moises upang gawin ang pagtutuli sa kanyang mga anak. Kahit na sila ay inapo ni Abraham maaaring hindi sila nagkaroon ng parehong paniniwala katulad ni Moises. Kaya kung bakit ang Banal na Kasulatan ay pinapanatili ang pagpapayo sa atin at pagtuturo sa atin upang laging nasa Diyos at ang mga tao ay mapalapit sa Diyos upang ang ating pagibig sa Diyos ay higit pang tunay at ang ating pagsunod ay higit pang malalim at malinaw. Kaya kung bakit ipinadala ng Diyos si Moises pabalik sa Kanyang bayan upang muling buhayin ang kanyang puso at kanyang buhay ng maalab na pagibig sa Diyos at Kanyang mga alintuntunin at upang maglingkod sa Kanya sa natitirang yugto ng kanyang buhay.

Inuutos din ng Diyos kay Joshua na tuliin ang mga Israelita, silang ipinanganak sa ilang, na hindi natuli bago niya akayin ang mga ito sa Lupang Pangako. "2 Nang panahong yaon ay sinabi ng Panginoon kay Josue, Gumawa ka ng mga sundang na pinkiang bato at tuliin mo uli na ikalawa ang mga anak ni Israel.3 At gumawa si Josue ng mga sundang na pinkiang bato, at tinuli ang mga anak ni Israel sa burol ng mga balat ng masama.4 At ito ang dahil na itinuli ni Josue: ang buong bayan na lumabas mula sa Egipto, na mga lalake, lahat na lalaking pangdigma, ay namatay sa ilang sa daan, pagkatapos na sila'y makalabas na mula sa Egipto. 5 Sapagka't ang buong bayan na lumabas ay mga tuli; nguni't ang buong bayan na ipinanganak sa ilang sa daan pagkalabas sa Egipto, ay hindi tuli.6 Sapagka't ang mga anak ni Israel ay lumakad na apat na pung taon sa ilang, hanggang sa ang buong bansa, sa makatuwid baga'y ang mga lalaking pangdigma na lumabas mula sa Egipto, ay nalipol, sapagka't hindi nila dinig ang tinig ng Panginoon: na siyang sinumpaan ng Panginoon na hindi niya ipakikita sa kanila ang lupain na isinumpa ng Panginoon sa kanilang mga magulang na ibibigay sa atin, na lupaing binubukalan ng gatas at pulot.7 At ang kanilang mga anak na kaniyang ibinangong kahalili nila, ay pinagtuli ni Josue, sapagka't mga hindi tuli, sapagka't hindi nila tinuli sila sa daan. 8 At nangyari nang kanilang matuli ang buong bansa, na tumahan sila sa kanilang mga dako sa kampamento hanggang sa sila'y magsigaling.9 At sinabi ng Panginoon kay Josue, Sa araw na ito ay inalis ko sa inyo ang pagdusta ng Egipto. Kaya't ang pangalan ng dakong yaon ay tinawag na Gilgal hanggang sa araw na ito." (Joshue 5:2-9) Ang bayan ng Diyos ng walang disiplina ay napapahiya. Ang ating mga anak kung hahayaan silang walang disiplina sila ay napapahiya,ang katulad ng mga tao ng Diyos ng walang pagtutuli sa Lumang Testamento sila'y napapahiya. Pagdidisiplina sa ating mga anak ay masakit ngunit ito ay magtatanggal ng pagpapahiya.

B. Bakit hindi pinatay n Diyos si Moises? "Sa gayo'y kaniyang binitiwan siya. Nang magkagayo'y kaniyang sinabi, Isang asawa kang mabagsik, dahil sa pagtutuli." (Exodu 4:26) Sapagka't nakamit ng Diyos ang layunin ng Kanyang galit at ang anak ni Moises ay natuli sa pamamagitan ni Sephora. "Nang magkagayo'y sumunggab si Sephora ng isang batong matalim, at pinutol ang balat ng masama ng kaniyang anak, at inihagis sa kaniyang paanan; at kaniyang sinabi, Tunay na ikaw sa akin ay isang asawang mabagsik." (Exodu 4:25)

Ito ay hindi sapat kay Moises upang tuliin sa kanyang laman, ngunit kahit ang kanyang mga anak ay dapat tuliin upang ang tipan ng Diyos ay manatili. Kailangan nating disiplinahin ang ating nga sarili ganon din upang disiplinahin ang ating mga anak. "Na sa kaniya ay tinuli rin naman kayo ng pagtutuling hindi gawa ng mga kamay, sa pagkahubad ng katawang laman, sa pagtutuli ni Cristo;" (Colosas 2:11) Ang espirituwal na kahulugan ng pagtutuli ay upang alisin ang katawan ng mga kasalanan ng laman. Ang pagtutuli ng kalikasang makasalanan ay nagawa ni Cristo.; si Cristo ang pangulo ng simbahan at tayo ang kanyang katawan, samakatuwid, ang simbahan, ang mga magulang, ang mga manggagawa, at ang mga ministerio lahat ay dapat gumawa kasama si Cristo sa pagdisiplina sa ating mga sarili, sa ating mga anak, at sa ating mga alagad. "Datapuwa't siya'y Judio sa loob; at ang pagtutuli ay yaong sa puso, sa Espiritu hindi sa titik; ang kaniyang kapurihan ay hindi sa mga tao, kundi sa Dios." (Roma 2:29) Ang puso dapat ay malinis at isang lugar para sa Banal na Espiritu upang tumira sa loob. "Magsipagtuli kayo para sa Panginoon, at inyong alisin ang mga kasamaan ng inyong puso, ninyong mga

tao ng Juda at mga nananahan sa Jerusalem; baka ang aking kapootan ay sumigalbo na parang apoy, at magningas na walang makapatay, dahil sa kasamaan ng inyong mga gawa." (Jeremiah 4:4)

Nang ang Diyos ay nais upang patayin si Moises, si Sephora ay nagkusa upang tuliin ang kanyang anak, "Nang magkagayo'y sumunggab si Sephora ng isang batong matalim, at pinutol ang balat ng masama ng kaniyang anak, at inihagis sa kaniyang paanan; at kaniyang sinabi, Tunay na ikaw sa akin ay isang asawang mabagsik."Sa gayo'y kaniyang binitiwan siya. Nang magkagayo'y kaniyang sinabi, Isang asawa kang mabagsik, dahil sa pagtutuli." ( Exodu 4: 25-26) tila karamihan ay malamang na si Moises ay nasa pagtatalo sa kanyang asawa tungkol ng usapin ng pagtutuli. Ang katulad ng maraming asawa ng mga ministerio na sinusubukang upang hadlangan ang kanilang mga asawa upang gawin ang buong kalooban ng Diyos lalo na sa pagdating sa pagdidisiplina sa mga bata. Na para bang hindi siya umaayon tungkol doon, o sa kanyang anak sapagka't ito ay masakit. Ngunit nang ang Panginoon ay papatayin si Moises na kanyang asawa napagtanto niya na ang Diyos ay galit dahil doon, kaya dahil sa takot sa Diyos at walang takot sa Diyos, na hahampasin Niya ang kanyang asawa, siya ay nagmadali at tuliin ang kanyang anak. Ang Diyos ay nakialam sa buhay ng pamilya ni Moises at ipinataw ng Kanyang sarili na ang Kanyang tagubilin ay dapat na matupad at sundin.

Maraming mga magulang sa ngayon sila'y hindi sangayon sa isa't isa tungkol sa pagdidisiplina ng kanilang mga anak kahit tungkol sa mga bagay ng Diyos, ngunit ang Diyos dahil sa Kanyang biyaya ay manghihimasok , na ang Kanyang mga utos ay maisakatuparan sa buhay ng mga pamilya na itinakda ang kanilang mga puso upang maglingkod sa Kanya at gawin ang Kanyang kalooban sa pagkilala nating dito sa buhay ng pamilya ni Moises. Disiplina at kaayusan sa loob ng bawat pamilya ayon sa Salita ng Diyos ay mahalaga sa pamilya upang maging isang mabuting halimbawa sa iba at upang makaakit sa iba sa Panginoon na ating pinaglilingkuran.

Maraming mga taong nagsasabi tungkol sa kanilang mga anak na sila ay matanda at lampas sa edad ng pagdidisiplina at pagtutuwid. Ngunit atin ngayong basahin ang salaysay ng buhay ni Moises sa aklat ng mga Gawa at sumahin ng humigit kumulang ang edad ng anak ni Moises na tinuli ni Sephora.

"23 Datapuwa't nang siya'y magaapat na pung taong gulang na, ay tumugtog sa kaniyang puso na dalawin ang kaniyang mga kapatid na mga anak ni Israel. 24 At nang makita niya ang isa sa kanila na inaalipusta, ay kaniyang ipinagsanggalang siya, at ipinaghiganti ang pinipighati, at pinatay ang Egipcio: 25 At ang isip niya'y napagunawa ng kaniyang mga kapatid na ibinigay ng Dios sa kanila ang kaligtasan sa pamamagitan ng kamay niya: datapuwa't hindi nila napagunawa. 26 At nang kinabukasan ay napakita siya sa kanila samantalang sila'y nagaaway, at sila'y ibig sana niyang payapain, na sinasabi, mga Ginoo, kayo'y magkapatid; bakit kayo'y nagaalipustaan? 27 Datapuwa't itinulak siya ng umalipusta sa kaniyang kapuwa tao, na sinasabi, Sino ang naglagay sa iyo na puno at hukom sa amin? 28 Ibig mo bagang ako'y patayin mo, na gaya ng pagkapatay mo kahapon sa Egipcio? 29 At sa salitang ito'y tumakas si Moises, at nakipamayan sa lupain ng Midian, na doo'y nagkaanak siya ng dalawang lalake." (Mga Gawa 7:23-29) Nandito na ating nabasa na si Moises ay may dalawang anak na lalaki. Ngayon kung ating babasahin ang susunod na talata, "At nang maganap ang apat na pung taon, ay napakita sa kaniya ang isang anghel sa ilang ng bundok ng Sinai, sa ningas ng apoy sa isang mababang punong kahoy." (Mga Gawa 7:30) ating matutuklasan na si Moises ay lumayo sa Egipto at sa gulang ng apatnapung taon at nang siya ay nasa gulang ng walumpo, ang Diyos ay lumitaw sa kanya at iyon ang panahon na ang Panginoon ay kinomisyon siya upang bumalik sa Egipto. Kaya ating mapagtitibay na siya ay nag asawa at may dalawang anak sa loob ng apatnapung taon na inilagi niya sa Midian.

Samakatuwid mula sa Banal na Kasulatan, ating mapagpasyahan na si Sephora ay tinuli ang kanyang anak nang siya ay lumaking lalaki na, kung nagawa niya gawin ito ngayon nang siya ay isang lalaki, sa gayon ang MakaDiyos na mga magulang ngayon ay walang dahilan kung sila'y nabigo upang kontrolin at disiplinahin ang kanilang matatandang anak.

C. Ano ang paliwanag sa kung anong ginawa ni Sippora sa pagtutuli ng anak ni Moises? "Nang magkagayo'y sumunggab si Sephora ng isang batong matalim, at pinutol ang balat ng masama ng kaniyang anak, at inihagis sa kaniyang paanan; at kaniyang sinabi, Tunay na ikaw sa akin ay isang asawang mabagsik." (Exodu 4:25) Si Sephora ay napilitang gawin yaon, at kaya kung bakit siya ay nagalit kay Moises, sinabi sa kanya, "Tunay na ikaw

sa akin ay isang asawang mabagsik." Siya ay napilitan upang tanggapin at gawin ang tipan ng pagtutuli. Habang si Sephora ay napilitan upang gawin ang kalooban ng Diyos, ang Panginoon ay pinipilit ang bawa't magulang upang disiplinahin at harapin ang makasalanang laman ng kanilang nga anak. Gagawin yaon ng Diyos upang ang pamilya at ang mga magulang na naglilingkod sa Diyos ay magiging mabuting halimbawa sa lipunan na kanilang pinagsisilbihan at matatagpuan na naninirahan.

Kung ating ipagpapatuloy na basahin ang mga pangyayari sa paglalakbay ni Moses at kanyang pamilya patungo sa Egipto, mahahanap natin na si Sephora at ang kanyang dalawang anak na lalaki ay hindi kasama ni Moises nang makasalubong niya ang kanyang kapatid na si Aaron. "27 At sinabi ng Panginoon kay Aaron, Pumaroon ka sa ilang na salubungin mo si Moises. At siya'y pumaroon, at nasalubong niya sa bundok ng Dios, at kaniyang hinagkan. 28 At isinaysay ni Moises kay Aaron ang lahat ng salita ng Panginoon, na ipinagbilin sa kaniyang sabihin, at ang lahat ng tandang ipinagbilin sa kaniyang gawin. 29 At si Moises at si Aaron ay naparoon at tinipon ang lahat ng matanda sa mga anak ni Israel:" (Exodu 4:27-29) Si Sephora ay pinabalik kasama ng kanyang dalawang anak na lalaki ni Moises; malamang pagkatapos ng insidente na ang Diyos ay nais patayin si Moises. Ang dahilan sapagka't maari hindi niya kayang tiisin ang presyon na haharapin ni Moises sa Ehipto kapag kaniya ng haharapin si Faraon at maaring siya ay gumanti at magdala pa ng presyon kay Moises at panghinaan ang loob ng iba. Gayunpaman, sa panahon iyon, ang pangunahing bagay na inaasahan mula kay Sephora ay nakamit nang tinuli niya ang kanyang anak na hindi pa natuli. Kailangan nating maintindihan na sa ilang panahon ang ating asawa, asawang lalaki at asawang babae, ay maaring hindi pa handa upang gawin kung anong inuutos ng Diyos sa atin upang gawin. Maaring tayo ay mahirapan sa kanila para sa ilang panahon. Ngunit kailangan nating magtiwala sa Diyos, na habang handa tayong sumunod, Siya ay matapat; Siya ay darating upang bisitahin ang ating nga pamilya at pilitin ang ating mga asawa upang ipatupad ang Kanyang kalooban at Kanyang mga utos sa buhay ng ating mga anak at mga pamilya.

Sa unahan ni Moises ay isang mahusay na gawain na kinakailangan upang matapos. Ang mga tao ay naghihintay para sa pamamagitan at pagliligtas ng Diyos. Ang Panginoon ay ipinadala si Moises upang gawin ang gawaing yaon, ngunit may hadlang kay Moises upang makaabot sa Egipto at gawin ang gawain ng Diyos. Nang ang hadlang ay nawala, ang daan ay nagbukas kay Moises upang makarating sa Egipto at gawin ang gawa ng Diyos. Kinailangan ni Moises upang pabalikin ang kanyang asawa at kanyang mga anak na lalaki pabalik sapagka't maaring si Sephora na kanyang asawa ay hindi kayang tiisin ang presyon at ang hirap na si Moises ay mahaharap sa Egipto. Ang ilang asawa ay hindi pa handa upang harapin ang presyon at ang hirap na ilalagay ng Diyos sa asawang lalaki sa paggawa ng gawa ng Diyos at ang ministerio ng Diyos. Sa gayon maaring maipayo na sila'y huwag ilantad sa ganoong presyon sa ilang sandali hangga't sila'y lumago o hangga't ang Diyos ay magdala ng malaking tagumpay sa buhay ng Kanyang simbahan at sa buhay ng Kanyang bayan.

Ang asawang lalaki ay dapat makonsiderasyon sa kanilang mga asawang babae lalo na kung hindi kayang tiisin ang ilang mga bagay upang gawin. Hindi ko sinasabi dito na aprobahan sa pagbibigay sa kanila at bigyan sila ng pagpayag upang gumawa ng mali. Ngunit sa kung anong aking iminumungkahi dito ay na kapag hindi kayang tanggapin ang ilang mga utos ng Salita ng Diyos at ipatupad sa kanila sa kanilang buhay sa gayon maging matatag ka lang at ang Diyos Mismo ang mamimilit sa kanila gaya ng Kanyang pinilit si Sephora upang tuliin ang kanyang anak.

Ngayon dito sa pagsasalita tungkol kay Sephora, ang asawa ni Moises. Sa ilang panahon ang ating mga kabiyak ay hindi sa punto ng ating pananampalataya at maari hindi makatulong upang gawin ang ilang mga bagay sa Diyos sapagkat hindi nila matanggap, at tayo ay nagagalit at naiinis tayo. Ngunit tingnan natin ito mula sa ibang direksyon. Nang si Moises ay tumakas mula sa Egipto, inilabas ng Diyos ang Kanyang awa ibinigay sa kanya si Sephora sapagka't yaon ang mahusay na pananampalataya na magagamit sa paligid niya at kinakailangan niyang makonsiderasyon sa kanya hangga't siya ay lumago sa inaasahan sa lebel ng pananampalataya. Mula sa kung saan ang Diyos ay binigay kay Moises ang isang Israelita nang siya ay tumakas mula sa Ehipto at hindi makabalik dahil siya ay pinaghahanap sa kanyang pagpatay? Sa gayon tayo ay magpasalamat sa Kanyang awa sa kung anong Kanyang ibinigay sa ating kabiyak. Tulad ng Diyos ay makonsiderasyon sa ating nakaraan at may awa sa atin, samakatuwid, sa parehong paraan, kailangan nating tiisin at magkaroon ng awa sa ating kabiyak at magpahinuhod hangga't sila ay makaabot sa level ng pagtawag Diyos sa kanilang mga buhay.

Karagadagan paglago at kapanahunan ay maasahan na makita sa buhay ni Sephora at yaon ay totoong magaganap, bilang ating makikita sa pagdating ng hinaharap kapag ating nabasa na siya ay nakasama ulit ni Moises, ang kanyang asawa kasama ng kanyang dalawang anak na lalaki; sila'y sumama sa mga tao ng Diyos. "1 Si Jethro nga, saserdote sa Madian, biyanan ni Moises, ay nakabalita ng lahat na ginawa ng Dios kay Moises, at sa Israel na kaniyang bayan, kung paanong inilabas ng Panginoon ang Israel sa Egipto. 2 At ipinagsama ni Jethro, na biyanan ni Moises, si Sephora na asawa ni Moises, pagkatapos na kaniyang maipadala sa kanilang ama,3 At ang dalawa niyang anak na lalake: na ang pangalan ng isa'y Gersom; sapagka't sinabi ni Moises, Ako'y nakipamayan sa ibang bayan.4 At ang pangalan ng isa'y Elieser; sapagka't kaniyang sinabi, Ang Dios ng aking ama'y naging aking saklolo, at ako'y iniligtas sa tabak ni Faraon;5 At si Jethro, na biyanan ni Moises, ay dumating, na kasama ang kaniyang mga anak at ang kaniyang asawa, kay Moises sa ilang na kaniyang hinantungan sa tabi ng bundok ng Dios:6 At kaniyang ipinasabi kay Moises, Akong iyong biyanang si Jethro ay naparito sa iyo, at ang iyong asawa, at ang kaniyang dalawang anak na kasama niya." (Exodu 18:1-6) Karagdagan paglago at kapanahunan ay maasahan upang makita sa buhay ng ating mga asawa na naiwan sa likod sa paggawa ng kalooban ng Diyos. Ang Panginoon siguradong makikialam sa buhay ng ating mga pamilya habang ating hinahangad upang maging perpekto at sumunod sa Kanyang kalooban, at gagawin Niya ang kinakailangan sa ating kalagitnaan.

Ganon din kailangan nating maunawaan na sa isang tiyak na panahon hinayaan ng Diyos na ang isa sa ating asawa ay hindi perpekto sa isang tiyak na anyo ng buhay. Hinayaan yaon ng Diyos upang subukin ang ating pasensya, patitiyaga, at ang ating kahandaan upang tiisin ang presyon, ang ating kahandaan upang magpatawad at upang makita aliman tayo ay lubos na nagtitiwala sa Diyos.

Ang pangalan ng anak ni Moses at si Gershom at Elieser. "At ang dalawa niyang anak na lalake: na ang pangalan ng isa'y Gersom; sapagka't sinabi ni Moises, Ako'y nakipamayan sa ibang bayan."( Exodu 18:3) 'Gerson' nangangahulugang, "ako'y nakipamayam sa ibang bayan" sapagkat si Moises ay dayuhan sa isang bayan dahil siya ay desidido upang itanggi na tawaging anak ng anak na babae ng Faraon at siya ay nagalak na maging bahagi ng bayan ng Diyos at kinuha ang paghihirap para kay Cristo bilang isang pagaari at karangalan, "24 Sa pananampalataya, nang lumaki na si Moises, ay tumangging siya'y tawaging anak ng anak na babae ni Faraon; 25 Na pinili pa ang siya'y tampalasanin na kasama ng bayan ng Dios, kay sa magtamo ng nagsisikupas na kaligayahan sa pagkakasala; 26 Na inaring malaking kayamanan ang kadustaan ni Cristo, kay sa mga kayamanan ng Egipto: sapagka't ang kaniyang tinititigan ay ang gantingpalang kabayaran. 27 Sa pananampalataya'y iniwan niya ang Egipto, na hindi natakot sa poot ng hari: sapagka't nagtitiyagang tulad sa nakakita niyaong di nakikita." (Hebreo 11:24-27) Nais ng Diyos sa atin na maging handa pa upang umalis mula sa kamunduhan at upang maghirap kasama ng mga tao ng Diyos pinahahalagahan ang paninisi kay Cristo gaya ng ginawa ni Moises.

"At ang pangalan ng iba ay Elieser;sapagka't kaniyang sinabi, Ang Dios ng aking ama'y naging aking saklolo, at ako'y iniligtas sa tabak ni Faraon." (Exodu 18:4) 'Elieser' nangangahulugang, 'Ang Diyos ay aking saklolo', Ang Diyos ay siguradong tutulungan tayo at ililigtas tayo sa ating mga kaguluhan at siguradong gagantimpalaan Niya tayo sa lahat ng ating paghihirap na ating hinarap alang alang para sa Kanyang pangalan.

Sa aking mahal at minamahal: Paano ka ngayon?

Ay ang Panginoon ay nagpapadala sayo upang gawin ang gawa at ikaw ay gumagawa ng maraming dahilan?
Ikaw ba ay kumikilos katulad ng kay Moises? Ikaw ba ay nagaatubuli, patuloy na ipinapagpaliban, o matigas ang ulo? Ikaw ba ay malayo mula sa Diyos at ang mga tao na malapit sa Diyos at ngayon nais ng Diyos na ikaw ay bumalik sa Kanya?
Ikaw ba ay nabubuhay ng walang disiplina, at o ang iyong mga anak ng walang disiplina at sa pagpapahiya?
May anumang hadlang sa iyong buhay na kinakailangan upang alisin bago ka makapagpatuloy?
Ang iyo bang pamilya ay nasa ayos?
Ang iyong mga anak ay nasa dispilina ng Diyos at ang kanilang puso ay tinuli na sa Diyos?

Ngayon kailangan mong malaman ang mga sumusunod:

Maging may alam na ang simbahan, ang mga magulang, ang mga manggagawa at ang mga ministerio, lahat dapat ay gumawa kasama si Cristo upang disiplinahin ang ating mga sarili, ang ating mga anak at ang ating mga alagad.

Maging may alam na ang disiplina at ayos sa loob ng bawat pamilya ay naaayon sa Salita ng Diyos ay mahalaga para sa pamilya upang maging isang mabuting halimbawa sa iba at upang maakit sila sa Panginoon na ating pinaglilingkuran.

Maging may alam na si Sephora ay tinuli ang kanyang anak nang siya ay lumaking lalaki. Kung nagawa niyang gawin iyon sa kanyang anak kahit na siya ay isang lalaki na, sa gayon sa makaDiyos na mga magulang ngayon ay naiwang walang dahilan kung sila ay mabibigo upang kontrolin at disiplinahin ang kanilang matatandang anak.

Maging may alam na sa tiyak na panahon ang ating asawa, asawang lalaki, at asawang babae, ay maaring hindi handa upang gawin ang inuutos ng Diyos sa atin upang gawin. Maaring tayo ay mahirapan sa kanila para sa ilang panahon. Ngunit kailangan nating magtiwala sa Diyos, na habang tayo ay handa upang sumunod, Siya ay matapat; bibisitahin Niya ang ating nga pamilya at pipilitin ang ating asawa upang ipatupad ang Kanyang kalooban at Kanyang mga tagubilin sa buhay ng ating mga anak at pamilya.

Ipangako ang iyong sarili sa Panginoon upang maging handa na magpatuloy at paglingkuran Siya, upang maging handa na tumayo sa Diyos at hayaan Siya upang alisin ang anumang hadlang na umaapekto sa iyong pagkakamit at patotoo at upang maging mapagpahinuhod sa Kanya, tumayo kasama Niya sa pagperpekto sayo, sa pagperpekto sa iyong asawa, sa iyong mga anak, at sa iyong pamilya habang sumasangayon kang manalagin.

Aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na nagpaalala sa akin upang sumunod at mabuhay ayon sa iyong mga tagubilin sa Bibliya.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Panginoon at talikdan ang lahat ng iyong mga dahilan, pagpapaliban, kawalan ng pangako at katigasan ng ulo.

Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan

Panginoon ako ay handang magpatuloy sa misyon at ang gawain na iyong iniutos sa akin upang gawin. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang alisin ang mga sumusunod na mga hadlang
mula sa aking buhay at mula sa buhay ng aking pamilya upang maging isang mabuting halimbawa at patotoo sa iba upang makita ka at sumunod sayo. Panginoon bigyan mo ako ng katapangan at kalakasan gawin yaon.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handa upang mabuhay ng kanilang buhay para sayo at upang maging handa upang gawin ang gawain na iyong ipinagkatiwala sa kanila upang gawin. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon bigyan mo sila ng kagalakan, kaaliwan, kasiguraduhan, kapayapaan, kaamuhan, kabutihan, pagtitiis, mahabang pagdurusa, pagpipigil sa sarili at kababaang loob upang magpatuloy at paglingkuran ka upang makita ng iba sa pamamagitan ng kanilang buhay. Panginoon bisitahin mo sila, bisitahin ang kanilang pamilya at gawin ang kinakailangang himala at baguhin sa kapangyarihan ng Banal ng Espiritu. Panginoon itaas mo sila, at itaguyod sila sa iyong biyaya upang mapagtagumpayan ang mga kahirapan, habang sila'y handa upang harapin ang kasalanan at upang gawin ang iyong kalooban.

Panginoon pagpalain kami at panatilihin ang aming simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawa at ang iyong kalooban. Panginoon bigyan mo pa kami ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handa na makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao kasama ng Mabuting Balita ni JesuCristo at sa mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon, kami'y nanalangin na bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong

kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.